

na Aming ipinahayag sa iyo, na wala kang kaalaman, ikaw at ang iyong sambayanan, bago naganap ang pagkakapahayag na ito) *Al-Qur'an 11:49*.

Tunay na nagkuwento ang Maluwalhating Qur'an tungkol sa mga bagay na mangyayari sa hinaharap, pagkatapos ay nangyari ito tulad ng nasabi sa kuwento. **Sinabi ng Allah:** (Alif-Lām-Mīm. Natalo ng mga Persiano ang mga Romano sa pinakamababang kalupaan sa 'Sham' na malapit sa Persia, subali't magkagayunpaman pagkatapos nito ay walang pag-aalinlangang matatalo naman ng mga Romano ang mga Persiano sa mga susunod na panahon, nang hindi lalampas sa sampung taon na hindi naman bababa sa tatlong taon. At ang Allah ay pinapapanalo Niya ang sinuman na Kanyang nais at sinasanhi Niya na maging talunan ang sinuman na Kanyang nais, at Siya ay 'Al-'Azeez' — ang Kataas-Taasan at Punung-Puno ng Karangalan na Ganap na Makapangyarihan na hindi nagagapi, na 'Ar-Raheem' — ang Napakamaawain at Ganap na Mapagmahal sa sinuman na Kanyang nais mula sa Kanyang mga nilikha.) *Al-Qur'an 30:1-5*

Hindi lamang sinabi ng Qur'an tungkol sa tagumpay ng mga Romano, ngunit tinukoy rin ang haba ng panahon ng kanilang tagumpay: (nang hindi lalampas sa sampung taon na hindi naman bababa sa tatlong taon), katunayan, tinalo nga ng mga Romano ang mga Persiano pagkatapos ng pitong taong pagkatalo nila.

Mayroon bang nakakaalam ng mga mangyayari sa kinabukasan maliban sa Allah?

Sinabi ng Allah: (Sabihin mo sa kanila, O Muhammad, Walang sinuman ang nakaalam ng anumang nasa kalangitan gayundin sa kalupaan sa anumang sinarili ng Allah na kaalaman sa mga Ghayb liban sa Kanya) *Al-Qur'an 27:65*

Ang Ikalima: Ang kanyang mga himalang kaalaman at pambabatas

Ipinabatid ng Maluwalhating Qur'an ang tungkol sa siyentipikong impormasyon sa medisina, astronomiya, mga agham sa dagat, at iba pang mga bagay, na marami sa mga ito ay hindi natuklasan hanggang sa dumating sa ikadalawampung siglo, ilang taon bago o pagkatapos nito. Kaya sino ang nagturo kay Muhammad na hindi marunong magbasa at magsulat ng mga agham ng sanggol at ang tao ay nilikha sa mga yugto mula sa isang semilya, pagkatapos ay isang namuong dugo, at pagkatapos nito ay isang namuong laman?



Sinabi ng Allah: (At katiyakan, nilikha Namin si Adam mula sa luwad (putik) na nagmula sa lahat ng uri ng kalupaan. Pagkatapos ay nilikha Namin ang kanyang lahi mula sa 'Nutfah' na mula sa semilya ng mga kalalakihan na lumalabas sa kanilang mga 'sulb' (o mga gulugod) at ito ay nananatili sa ligtas na lugar sa mga sinapupunan ng mga kababaihan. Pagkatapos ay ginawa Namin ang 'Nutfah' na 'Alaqah' — na ito ay namuong dugo na kulay pula na malapot, pagkatapos ay ginawa Namin ang 'Alaqah' pagkalipas ng apatnapung araw na maging 'Mudhghah' — namuong laman na ito ay kapiasang laman na kasingdami ng isang subo na parang may mga kagat sa tagiliran, pagkatapos ay ginawa Namin ang malambot na laman na ito na buto, at saka Namin dinamitan ang butong ito ng laman, pagkatapos ginawa Namin ito na isang panibagong nilikha sa pamamagitan ng pag-ihip sa kanya ng kanyang kaluluwa. Samakatuwid, luwalhati sa Allah, na Siya ang 'Ahsanul Khâliqeen' — ang Pinakamagaling at Pinakaganap sa paglikha ng lahat ng bagay.) *Al-Qur'an 23:12-14*

Kaya sino ang nagturo kay Muhammad na hindi marunong magbasa at magsulat, samantalang kanyang ginugol ang kanyang pamumuhay sa disyerto, at hindi man lang nakapaglakbay sa karagatan, na nalaman niyang sa dagat ay may mga patong-patong na mga alon, na ang lalim ng karagatan ay napakadilim kahit na mismo ang tao ay halos hindi makita ang kanyang dalawang kamay?

Sinabi ng Allah: (O di kaya, ang kanilang mga gawain ay magiging katulad ng mga kadiliman sa ilalim ng malalim na karagatan na ang nasa ibabaw nito ay alon, na ang alon na ito ay napangingibabawang muli ng panibagong mga alon, at nasa ibabaw nito ang mga makapal na ulap, na matitinding kadiliman na magkakapatung-patong sa isa't-isa, kung sakali na ang isang tao na nasa gayong kalagayan, na kapag iniinut niya ang kanyang kamay ay talagang hindi niya ito maaninag sa tindi ng kadiliman, na kung kaya, ang mga walang pananampalataya ay nagkakapatung-patong na sa kanila ang mga kadiliman ng pagsamba ng iba, pagkaligaw at mga masasamang gawain. At ang sinumang hindi pagkalooban ng Allah ng liwanag mula sa Kanyang Aklat at sa Sunnah ng Kanyang Propeta na igagabay sa kanya ay wala na siyang anupamang patnubay) *Al-Qur'an 24:40*.

Kaya sino ang nagturo kay Muhammad na hindi marunong magbasa at magsulat ng buod at detalyadong pagbabatas sa pisikal na transakyon, kalagayan ng pamilya at pamana, mga pambansang kasunduan na hindi nakayanang gawin ng mga kilalang mambabatas kahit na sampung ikasampu lamang nito? Tunay na ang Qur'an na ito ay hindi mula kay Muhammad ﷺ, ngunit sa halip ito ay mula sa Allah, ang Makapangyarihan, ang Kapuri-puri.

Tunay na ang Qur'an ay naglalaman ng mga impormasyon, mga kaalaman, mga lihim, mga kahusayan sa pananalita, at wastong wika na hindi pasok sa kakayanan ng mga tao na magawa ito. At kung idadagdag pa natin dito na si Muhammad ﷺ ay hindi marunong bumasa, hindi marunong sumulat, hindi nag-aral sa paaralan, hindi nakihalo sa sibilisasyon, at hindi umalis mula sa tangway ng Arabya. Tunay na ang posibilidad na ito (ay nagmula sa tao) ay talagang magiging imposible.



www.DiscoverAlIslam.com
info@DiscoverAlIslam.com



@AlIslamDiscover



I-SCAN ANG QR CODE
upang mag-download
ng polyeto sa ibang wika

Ang Qur'an ba ay Salita ng Allah?



Tagalog

Tunay na ang Maluwalhating Qur'an ay salita ng Diyos (Allah) at Kanyang kapahayagan na iyon ay ibinaba sa Kanyang Propeta na si Muhammad ﷺ at nangako na ito ay Kanyang pangangalagaan.

Sinabi ng Allah: (Walang pag-aalinlangan, Kami ang nagbaba ng Qur'an kay Propeta Muhammad ﷺ at walang pag-aalinlangan na Kami rin ang patuloy na mangangalaga nito mula sa pagdaragdag o pagbabawas, o sa anumang kasiraan.) *Al-Qur'an 15:9*



Kapag mayroong nagsabi: At paano ko malalaman na iyon ay Salita ng Allah at hindi salita ng tao? Ang sagot nito ay nasa limang katibayan na ang isang patas at matino na tao ay hindi maaaring tanggihan na ang Maluwalhating Qur'an ay Salita ng Allah na Makapangyarihan sa lahat:

Ang una: Ang kawalan ng kakayahan ng mga tao na magkaroon ng katulad nito

Kung ang Maluwalhating Qur'an ay ginawa ng isang tao, hindi ba makakayanan ng ibang tao na gumawa ng katulad nito at sumulat tulad ng pagkakasulat nito? Hinamon ng Allah ang sangkatauhan na magkaroon ng katulad nito, ngunit hindi nila magawa. **Sinabi ng Allah:** (Na kung kaya, magpakita sila ng mga paghahayag na katulad ng Dakilang Qur'an kung sila ay mga totoo sa kanilang pag-aangkin na si Muhammad ay inimbento lamang ito.) *Al-Qur'an 52:34*

Pagkatapos ay hinamon sila na gumawa ng sampung kabanata lamang na tulad nito. **Sinabi ng Allah:** (O sinasabi ba nila na mga walang pananampalataya na mga taga-Makkah, Katunayan, si Muhammad ay inimbento niya lamang itong Qur'an? Sabihin mo sa kanila: Kung ang pangyayari ay katulad ng inyong mga inaangkin, samakatuwid ay magpakita kayo ng sampung kabanata na tulad ng Dakilang Qur'an na mula sa inyong mga inimbento, at tawagin ninyo ang sinuman na kaya ninyong tawagin mula sa lahat ng nilikha ng Allah upang tumulong sa inyo sa pagsagawa nito, kung kayo ay totoo sa inyong pag-aangkin.) *Al-Qur'an 11:13*

Pagkatapos ay hinamon sila na gumawa ng isang kabanata lamang na tulad nito. **Sinabi ng Allah:** (O sinasabi ba nila: Katunayan, ang Qur'an na ito ay sariling gawa lamang ni Muhammad? Gayong sa katotohanan ay batid nila na si Muhammad ay tao lamang na katulad din nila! Sabihin mo sa kanila, O Muhammad: Gumawa sila ng isang Surah o kabanata na katulad ng taludtod ng Dakilang Qur'an at ng

katuruan nito, at magpatulong kayo sa sinumang may kakayahan na tumulong sa inyo bukod sa Allah, tao man ito o jinns, kung kayo ay totoo sa inyong pag-aangkin.) *Al-Qur'an 10:38*. Ibig sabihin: Magpatulong kayo sa mga Jinns at mga matatalinong mga tao at lahat ng makakayanan ninyo upang gumawa ng isang kabanata na katulad ng taludtod ng Qur'an. At nananatili ang hamon na ito at walang sinuman ang nakagawa liban na ang nagawa nila ay mga tulang walang saysay at nakakatawa. Ang hamon na ito ay saklaw ang tao at Jinns.

Sinabi ng Allah: (Sabihin mo sa kanila, O Muhammad: Kahit na magsama-sama pa ang mga tao at ang mga jinns upang magkasundo na gumawa ng katulad ng Dakilang Qur'an na ito na mahimala ay hindi nila ito makakayanang gawin, kahit na magtulong-tulong pa silang lahat para sa ganitong layunin.) *Al-Qur'an 17:88*

At ikaw ay mamamangha na ang Allah ay Kanyang ipinagtibay nang buong katatagan at katiyakan na walang sinuman ang may kakayanan na basagin ang hamon na ito sa hinaharap hanggang sa kahuli-hulihang panahon ng mundo. **Sinabi ng Allah:** (Kung kayo na mga walang pananampalataya ay may pag-aalinlangan hinggil sa Qur'an na Aming inihayag sa Aming alipin na si Muhammad at inaangkin ninyong ito ay hindi nagmula sa Allah, kung gayon ay gumawa kayo ng isang kabanata na katulad ng kabanata sa Dakilang Qur'an, at tawagin ninyo ang sinumang makakayanan ninyong tawagan bukod sa Allah upang tumulong sa inyo, kung kayo ay nagsasabi ng katotohanan sa inyong pag-aangkin. Subalit kung hindi ninyo ito makakayanang gawin, at bilang katiyakan, ngayon at kahit na magpakailanman ay hindi ninyo ito makakayanang gawin, samakatuwid, katakutan ninyo ang Impiyernong-Apoy sa pamamagitan ng paniniwala kay Propeta Muhammad at pagsunod sa Allah, sapagkat ang panggatong sa Impieryo ay mga tao at mga bato, na inihanda para sa mga hindi naniwala sa Allah at sa Kanyang mga Sugo.) *Al-Qur'an 2:23-24*

At lumipas na ang hamon na ito ng labing-apat na siglo, at hindi nakayanan ng mga tao na gumawa ng tulad nito.

Katiyakan, ang pinakamaikling kabanata sa Qur'an ay ang Kabanata Al-Kawthar, na isang linya lamang. **Sinabi ng Allah:** (Katiyakan, ipinagkaloob Namin sa iyo, O Muhammad, ang masaganang kabutihan dito sa daigdig at sa Kabilang-Buhay, na kabilang dito ay ang ilog ng Kawthar sa Al-Jannah. Na kung kaya, maging taimtim ka sa lahat ng iyong pagsa-Salah sa iyong Rabb na Tagapaglikha, at maghandog ng hayop bilang pag-aalay lamang sa Kanya. Katiyakan, ang para sa kanya na nagalit sa iyo at nagkaroon ng poot sa dala-dala mong gabay at liwanag, ay ipagkakait ang anumang kasaganaan at kabutihan dito sa daigdig at sa Kabilang-Buhay.) *Al-Qur'an 108:1-3*




Hindi ba makayanan ng bilyun-bilyong mga tao, kabilang ang mga siyentipiko, manunulat, makata at pilosopo sa daan-daang taon, na makagawa ng isang linya tulad ng Qur'an? Hindi ba ipinapahiwatig ng lahat ng ito na ang Maluwalhating Qur'an ay Salita ng Allah, at hindi salita ng mga tao?

Ang Ikalawa: Kaligtasan mula sa kamalian at kontradiksyon.

Tiyak na anumang aklat na ginawa ng tao, gaano man kalayo ang naabot ng kanilang pagsisikap, ay talagang magkakaroon ito ng mga pagkakamali, pagkapabaya at pagkukulang, at ang manunulat ay madalas na nahuhulog sa pagkakasalungatan, kaya naman pinapagtibay niya sa isang bahagi ngunit itinatangi niya sa ibang lugar.

Dahil dito, nakikita natin ang karamihan sa mga may-akda sa pagpapakilala ng kanilang mga libro na humihingi ng paumanhin nang pauna para sa anumang pagkakamali o pagkukulang na mayroon sa kanilang libro.



Samantalang ang Maluwalhating Qur'an, nakikita natin sa umpisa nito ang tahasang deklarasyon na tama ang lahat ng napapaloob dito. At ang posibilidad na pagkakaroon ng kamalian ay hinding-hindi mangyayari kailanman.

Sinabi ng Allah sa umpisa ng Kabanata Al-Baqarah: (Ang Qur'an na ito ay isang dakilang Aklat na katiyakang nagmula sa Allah, na walang anumang pag-aalinlangan ang mga nasa loob nito.) *Al-Qur'an 2:2*

Nilinaw ng Allah na malinis ang Kanyang Aklat mula sa pagkakasalungatan at pagkakaiba-iba, **sinabi ng Allah:** (Hindi ba nila napagtutuunan ng pansin ang Dakilang Qur'an at ang nilolooob nito na katotohanan para unawain at alamin, dahil ito ay inihayag na nasa ganap na kaayusan at kaangkupan, na walang pag-aalinlangan, ito ay nagmula lamang sa Allah na Bukod-tangi? At kung ito ay nagmula sa iba bukod sa Allah ay makakakita sila rito ng maraming pagkakasalungatan.) *Al-Qur'an 4:82*, Ibig sabihin: Kung ito ay gawa-gawa lamang, tulad ng mga sinasabi ng mga nagtatambal sa Allah, ay makikita nila rito ang maraming pagkalito at kontradiksyon.

Ang Ikatlo: Ang pagiging hindi marunong bumasa at sumulat ni Muhammad (ﷺ) at ang pagiging tapat niya.

Si Muhammad ﷺ, siya ang nagpaabot ng Qur'an mula sa Allah, at siya ay ang Tapat na Mapagkakatiwalaan.

Inilarawan siya bilang tapat at mapagkakatiwalaan ng kanyang mga kaaway bago pa ang kanyang mga tagasunod, kaya siya ay tinatawag bago pa ang pagiging propeta bilang: "Al-Ameen (Ang mapagkakatiwalaan)".

Nang kanyang ilantad ang kanyang pag-aanyaya sa Islam, siya ay umakyat sa bundok ng Safa at kanyang tinipon ang mga tao, **at nagsabi:** "Ano sa palagay ninyo kung sasabihin ko sa inyo na mayroong kabayo sa lambak na gusto kayong atakihin, maniniwala ba kayo sa akin?" **Kanilang sinabi:** "Oo, wala kaming nasubukan mula sayo kundi katapatan".

At tunay na ginawa itong batayan ng Propeta ﷺ laban sa kanyang sambayanan. **Sinabi ng Allah:** (Sabihin mo sa kanila, O Muhammad: Kung nanaisin lamang ng Allah ay hindi ko bibigkasin sa inyo ang Dakilang Qur'an na ito at hindi ko ito ipaalam sa inyo, subalit dapat ninyong mabatid na ang katotohanan ay nagmumula lamang sa Allah, at katiyakang batid ninyo na ako ay nanatili sa inyo nang matagal na panahon bago ito ipinahayag sa akin ng aking Rabb na Tagapaglikha at bago ko ito binigkas sa inyo, hindi ba ninyo ginagamit ang inyong mga kaisipan upang mag-isip?) *Al-Qur'an 10:16*

Tunay na ako ay kasama niyo sa loob ng apatnapung taon at ako ay tapat, hindi ako nagsinungaling, kahit na isang kasinungalingan, kaya paano ko iiwanan ang pagsisinungaling sa mga tao at pagkatapos ay magsisinungaling naman ako sa Allah? Ganito rin nang nanatili siya sa kanila nang apatnapung taon na siya ay hindi marunong bumasa at sumulat. Kaya paano niya naiparating ang Dakilang Aklat na ito na hindi nakayanan ng mga arabo ang pagsasalita, husay ng pananalita, at pagkakaroon ng himala na hindi matularan. Maaari bang ito ay nagmula lamang sa kanyang sarili o ito ay tiyak na katibayan na iyon ay Kapahayagan mula sa Hakeem —Ganap na Maalam na nangangasiwa sa Kanyang alipin- at Hameed —Ganap na Kapuri-puri sa Kanyang mga ganap na katangian at mga gawa sa lahat ng pagkakataon-.

Ang Ika-apat: Pagbalita niya tungkol sa Ghayb—hindi nakikita— pangnakaraan at panghinaharap:

Naglalaman ang Maluwalhating Qur'an ng mga kuwento na naganap libu-libong taon na ang nakalipas, at ito ay isinalaysay nang detalyado: Nasyon ni Nuh, Aad, Thamud, nasyon ni Lut, nasyon ni Paraoh at angkan ni Israel. At may mga dumating na kamakailan lamang natuklasan na mga nahukay, inskripsyon at mga kasulatan na nagpapatunay ng mga nabanggit sa Qur'an.

Kaya mula saan nalaman ni Muhammad bin 'Abdullah na hindi marunong bumasa at hindi marunong sumulat ang mga impormasyong ito? Hindi ba't ipinapahiwatig nito na ang Qur'an ay mula sa Allah at hindi mula sa tao. **Sinabi ng Allah:** (Iyan ang kuwento na Aming isinalaysay sa iyo, O Muhammad, hinggil sa kuwento ni Nuh at ng kanyang sambayanan, na kabilang sa mga kuwento ng Ghayb —kabilang sa kuwento ng mga nakaraan na hindi mo nasaksihan,